Alameda County
Social Services Agency

# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN



Ang lahat ng tao sa Estados Unidos, anuman ang katayuan sa imigrasyon, ay mayroong ilang partikular na karapatan at proteksyon sa ilalim ng Konstitusyon ng Estados Unidos.

## DALHIN ANG KARD NA NAGLALAMAN NG INYONG MGA KARAPATAN AT IPAKITA ITO SAKALING KAYO AY PAHINTUIN NG ISANG OPISYAL NG IMIGRASYON

Sa gilid, ipinapaalala ng Pulang Card sa may-ari ng card (available sa labing-siyam na wika) kung ano ang kanilang mga karapatan kapag kinompronta ng mga opisyal ng ICE.

Sa kabilang pahina (nasa Ingles), sinasabi ang mga bagay na maaaring gustong sabihin ng may-ari ng card sa ICE tulad ng “Ayokong makipag-usap sa iyo. Gusto ko munang makipag-usap sa abugado. Iginigiit ko ang aking mga karapatan ayon sa konstitusyon... ” Maaari itong ibigay ng may-ari ng card sa agent para basahin, o magagamit ang bahaging ito bilang script para sa sasabihin. **Hindi dapat buksan ng mga tao ang kanilang mga pinto para ibigay ang card na ito sa ICE.**

**I-SCAN ANG QR CODE PARA I-DOWNLOAD AT I-PRINT ANG IYONG PULANG CARD**

Mga available na wika: Amharic, Arabic, Chinese, Ingles, Farsi, French, Haitian Creole, Hmong, Khmer, Korean, Pashto, Portuges, Punjabi, Russian, , Tagalog, Tigrinya, Ukrainian, Vietnamese

**Mayroon kang mga karapatan ayon sa konstitusyon:**

- HUWAG BUKSAN ANG PINTO kung kakatok ang agent ng imigrasyon.
- HUWAG SAGUTIN ANG ANUMANG TANONG mula sa agent ng imigrasyon kung kakausapin ka nila. May karapatan kang manahimik.
- HUWAG PIPIRMA SA KAHIT ANO nang hindi muna nakikipag-usap sa abugado. May karapatan kang makipag-usap sa abugado.
- Kung nasa labas ka ng iyong bahay, tanungin sa agent kung maaari ka nang umalis at kung sasabihin nilang oo, umalis nang tahimik.
- IBIGAY ANG CARD NA ITO SA AGENT. Kung nasa loob ka ng iyong bahay, ipakita ang card sa may bintana o i-slide ito sa ilalim ng pinto.

I do not wish to speak with you, answer your questions, or sign or hand you any documents based on my 5 th Amendment rights under the United States Constitution.

I do not give you permission to enter my home based on my 4 th Amendment rights under the United States Constitution unless you have a warrant to enter, signed by a judge or magistrate with my name on it that you slide under the door.

I do not give you permission to search any of my belongings based on my 4 th Amendment rights.
I choose to exercise my constitutional rights.

These cards are available to citizens and noncitizens alike.

Inilathala noong: Mayo 15, 2025